## ANO ANG TUNGKULIN NG BIKTIMA SA CRIMINAL JUSTICE SYSTEM?

Bagama't ang isang biktima ay hindi isang partido sa kriminal na paglilitis, mayroon siyang mahalagang tungkulin sa proseso ng criminal justice, at ang kanyang testigo ay mahalagang bahagi ng kaso ng Crown prosecutor laban sa táong akusado.

## MGA LIMITASYON

Ang mga karapatang ito ay dapat i-aplay sa isang makatwirang paraan upang hindi sila malamang na hahadlang sa mga imbestigasyon o mga prosekusyon, upang hindi nila maisapanganib ang buhay o kaligtasan ng isang tao, o upang hindi nila mapinsala ang mga pambansang kapakanan, tulad ng national security (seguridad ng bansa).

## SAAN AKO MAKAKAPUNTA KUNG KAILANGAN KO NG TULONG UPANG MAUNAWAAN ANG AKING MGA KARAPATAN?

Kung kailangan mo ng tulong upang maunawaan ang iyong mga karapatan bilang isang biktima ng krimen, mainam ang kontakin ang isang victim service sa iyong lugar. Ang victim services ay makapagbibigay ng suporta at resources sa mga biktima ng krimen. Maaari nila tugunan ang anumang mga alalahanin mo tungkol sa kaligtasan pagkatapos ng isang krimen, at maaari rin sila magbigay sa iyo ng impormasyon tungkol sa criminal justice system.

Upang humanap ng isang victim service malapit sa iyo, gamitin ang Direktoryo ng Victim Services na nasa website ng Justice Canada:

justice.gc.ca/eng/cj-jp/victims-victimes/vsd-rsv/index.html

## RESOURCES

Mainam din kung kokontakin mo ang iyong local o pinakamalapit na:

Mga serbisyo ng pulis

Hukuman

Tanggapan ng Crown prosecutor

Community o student legal aid clinic.

Maaari mo rin konsultahin ang
Canada.ca/victims
para sa karagdagang impormasyon.

© Ang Mahal na Reyna bilang Pinuno ng Canada, na kinakatawan ng Minister of Justice at Attorney General ng Canada, 2015

ISBN 978-0-660-44828-2
Cat. No. J2-425/2023Tgl-PDF

Government of Canada | Gouvernement du Canada

# ANG MGA KARAPATAN NG MGA BIKTIMA SA CANADA

Ang iyong mga karapatang humingi ng impormasyon, proteksyon, na lumahok, at humingi ng restitusyon sa ilalim ng *Canadian Victims Bill of Rights* (Katipunan ng Canada Ukol sa mga Karapatan ng Biktima)!

Canada

# SINO ANG MAY MGA KARAPATAN NG BIKTIMA?

Inilalarawan ng *Canadian Victims Bill of Rights* (CVBR) ang isang biktima bilang isang indibidwal na nagkaroon ng pangkatawan o emosyonal na pinsala, pinansiyal na pagkalugi, o pagkasira ng ari-arian bilang resulta ng isang krimen na ginawa sa Canada.

Maaaring gamitin ng lahat ng mga biktima ang kanilang mga karapatan sa ilalim ng CVBR habang sila'y nasa Canada. Maaaring gamitin ng mga mamamayan ng Canada o mga permanent resident ng Canada ang mga karapatang ito kahit sila'y nasa labas ng Canada, basta ang krimen ay nangyari sa Canada.

Kung ang biktima ay namatay na, o hindi makakilos para sa kanyang sarili, ang mga sumusunod na tao ay maaaring kumilos para sa biktima:

- ang asawa ng biktima
- ang isang indibidwal na nakatira kasama ng biktima bilang kanyang common law partner (kapareha/ka-live-in) nang kahit isang taon man lamang noong panahon ng krimen
- isang kamag-anak o dependant ng biktima.
- ang sinomang may custody sa biktima, o may custody sa dependant ng biktima.

# ANG IYONG MGA KARAPATAN BILANG ISANG BIKTIMA NG KRIMEN

## ANG KARAPATAN NA MAKAKUHA NG IMPORMASYON

Kapag iyong hiniling, mayroon kang karapatang humingi ng impormasyon tungkol sa criminal justice system at sa iyong tungkulin dito, at mayroon kang karapatang malaman kung ano ang mga makukuhang victim services at mga programa. Mayroon ka ring karapatan, kapag ito'y hiniling mo, na makakuha ng ispesipikong impormasyon tungkol sa progreso ng kaso, kabilang ang impormasyon hinggil sa imbestigasyon, prosekusyon, at pagsentensiya ng táong nakapinsala sa iyo, at impormasyon tungkol sa isang akusadong taong napatunayang "unfit to stand trial" o walang kriminal na pananagutan dahil sa mental disorder, habang ang táong iyon ay nasa ilalim ng hurisdiksyon ng isang hukuman o isang Review Board.

## ANG KARAPATAN NA MAKAKUHA NG PROTEKSYON

Mayroon kang karapatang ipasaalang-alang ang iyong seguridad at pagka-pribado sa lahat ng mga bahagi ng proseso ng criminal justice, karapatan na magpasagawa ng mga makatwiran at kinakailangang hakbang upang protektahan ka laban sa pananakot at paghihiganti, mag-request na protektahan ang iyong identidad upang hindi ito malaman ng publiko, at mag-request ng testimonial aids kapag humaharap ka bilang isang saksi.

## ANG KARAPATAN NA LUMAHOK

Mayroon kang karapatang ibigay ang iyong mga pananaw tungkol sa mga desisyon na ginawa ng mga propesyonal sa criminal justice na umaapekto sa iyong mga karapatan sa ilalim ng CVBR. Mayroon ka ring karapatang magbigay ng isang victim impact statement (pahayag tungkol sa epekto sa biktima) upang ilarawan ang epekto ng krimen sa iyo, at upang maisaalang-alang ang iyong pahayag.

## ANG KARAPATAN NA HUMINGI NG RESTITUSYON

Mayroon kang karapatang ipasaalang-alang sa hukuman na gumawa ng restitution order (utos ng restitusyon) laban sa táong nagkakasala para sa mga ispesipikong pinansyal na pagkalugi dahil sa krimen. Mayroon ka ring karapatang magpasok ng isang unpaid restitution order bilang isang maipapatupad na sibil na utang.

## ANG KARAPATAN NA MAGREKLAMO

Mayroon kang karapatang magreklamo kung naniniwala ka na nilabag o tinanggihan ng isang pederal na departamento o ahensiya ang iyong mga karapatan; maaari mong gamitin para dito ang sistema sa pagrereklamo sa departamento o ahensiyang iyon.

# KAILAN BA AAPLAY ANG MGA KARAPATAN NG ISANG BIKTIMA?

Ang mga biktima ay may mga karapatan sa lahat ng mga bahagi ng kriminal na proseso, kabilang ang:

- kapag iniimbestigahan o inuusig ang isang pagkakasala
- kapag ang táong nagkakasala ay mapapailalim sa proseso ng corrections o conditional release
- kapag ang táong akusado ay mapapailalim sa hurisdiksyon ng isang hukuman o review board kung siya'y natuklasang "unfit to stand trial" o "not criminally responsible" (walang kriminal na pananagutan) dahil sa isang mental disorder (pangkaisipang kapansanan).